

# MAS MALAKAS NA BC, PARA SA LAHAT

## BUDGET 2020: ISANG BALANSENG PLANO UPANG MANATILI ANG BC NA KUMILOS NG PASULONG



Sa buong British Columbia, ang mga bagay ay nagbabago para sa mas mahusay. Matapos ang halos tatlong taon ng mga mapagpipilian na inuuna ang mga tao, nagsisimula na nakikita natin ang mga resulta.

Mas maraming mga pamilya ang may higit na kapayapaan ng pag-iisip dahil natagpuan nila sa wakas ang mabuti, abot-kayang pangangalaga ng bata.

Ang mga mag-aaral ay natututo sa mas bago, mas ligtas na mga paaralan na may mas maraming suporta sa silid-aralan. Maraming mga tao na nagpupumilit na makahanap ng pabahay sa harap ng pagtataas ng mga renta at mababang mga bayad ng pagkabakante ay lumilipat sa mga bagong tahanan. Nakukuha ng mga pamilya ang pangangalaga na kailangan nila sa mga bagong sentro ng pangangalaga sa kalusugan. Ang mga British Columbian ay magkakaroon ng mas maraming pera sa kanilang bulsa kasama sa bagong BC Child Opportunity Benefit (Benepisyo sa Oportunidad ng Bata ng BC) at ang pag-aalis ng mga bayad sa seguro ng MSP.

Ang *Budget 2020* ay nagtatayo ng imprastruktura na kailangan natin sa mga bagong kalsada, mga tulay, pabahay, mga paaralan at ospital.

At ang *Budget 2020* ay nagbubuo ng isang kinabukasan kung saan ang iyong mga oportunidad ay hindi tinutukoy ang iyong edad, saklungan ng kita o postal code.

Ang bagong BC Access Grant ay maglalagay ng isang edukasyon sa kolehiyo o unibersidad na maabot ng mga libong pang mga British Columbians, habang itinatayo ang mga kasanayang manggagawa na kailangan ng ating lumalaking lalawigan.

Ang B.C. ay isang lider ng ekonomiya sa Canada. Tayo ay namumuno sa ibang mga paraan din - kinikilala ng ating pamahalaan na ang pamumuhunan sa mga tao, mga komunidad at isang malinis na kinabukasan ay pangunahing mahalaga upang magtayo ng isang matibay at napapanatiling ekonomiya.

Ang ating pamahalaan ay nagsusumikap para sa iyo sa bawa't araw. At ang *Budget 2020* ay ating plano upang mapanatili ang B.C. na kumilos ng pasulong.

**KAGALANG-GALANG NA CAROLE JAMES**  
MINISTRO NG PANANALAPI AT KINATAWAN  
NG PUNONG MINISTRO



### PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

Mga Detalye ng *Budget 2020*: [www.bcbudget.ca](http://www.bcbudget.ca)  
Ministro ng Pananalapi: [www.gov.bc.ca/fin](http://www.gov.bc.ca/fin)



**BRITISH  
COLUMBIA**

# GINAGAWA ANG PAMUMUHAY NG MAS ABOT-KAYA

*Ikaw ay nagsisikap at gayon din kami — nagtatrabaho upang magbigay ng pag-iimpok at mga pagkakataon para sa iyo at sa iyong pamilya upang umunlad*



## BC CHILD OPPORTUNITY BENEFIT (BENEPISYO SA OPORTUNIDAD NG BATA NG BC)

*Pagtulong sa mga bata at pamilya upang umunlad*

Simula sa Oktubre 1, 2020, halos 300,000 mga pamilya ang makikinabang mula sa bagong BC Child Opportunity Benefit, isang pagbabayad na walang bayad sa buwis para sa mga pamilya na may mga anak na wala pang 18 taong gulang. Ang bagong buwanang pagbabayad ay makakatulong sa mga pamilya na may pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain at damit, karagdagan bawas sa mga gastos sa pangangalaga sa bata, at gawing posible ang mga oportunidad tulad ng mga i-sport at sining.



**Hanggang \$1,600 baw't taon** para sa mga pamilya may isang anak.



**Hanggang \$2,600 baw't taon** para sa mga pamilya may dalawang anak.




**Hanggang \$3,400 baw't taon** para sa mga pamilya may tatlong anak.

## CHILDCARE BC (PANGANGALAGA NG BATA BC)

*Pagsulong kung saan pinakakailangan ng mga batang pamilya*

**ANG PAG-AALAGA NG ANAK SA B.C. AY NAGIGING MAS MAPABUTI BAWA'T ARAW. ANG BUDGET 2020 AY PATULOY NAMUMUHUNAN SA PLANO NG PANGANGALAGA NG BATA NG BC.**

Nararamdaman na ng mga pamilya ang mga benepisyo. Libu-libong mga bagong lisensyadong lugar ng pangangalaga ng bata ay nagbubukas, at ang ilang mga pamilya ay nakakatipid ng \$19,200 taun-taon. Sa wakas, ang mga magulang ay nakakakuha ng labis na kailangang ginhawa, kasama ang pagkakataon na muling pagbalik sa trabaho at dalhin ang kanilang mga karera sa susunod na antas.



*Ang pagkuha sa abot-kayang pag-aalaga ng bata ay kritikal sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay sa lugar ng trabaho at pagtulong upang isara ang puwang sa pagbabayad ng kasarian.*

Ang ating makasaysayang pamumuhunan sa pangangalaga ng bata ay magbibigay ng higit sa mga magulang - lalo na ang mga kababaihan - ang pagkakataon na ganap na makilahok sa lugar ng trabaho. Sa ngayon, ang *Childcare BC* ay naghatid ng:

- » Higit sa 10,400 bagong mga lugar
- » 28,000 mga bata ang nakinabang mula sa \$10/araw na pangangalaga sa bata
- » Nabawasan ang mga bayad para sa higit sa 55,000 mga lugar
- » Ang pagtaas ng sahod para sa higit sa 11,000 mga tagapagturo ng maagang pagkabata
- » 5,400 mga iskolarsip para sa mga ECE

**ANG MGA PAMILYA AY NAKAKATIPID NG HANGGANG \$1,600 BAWA'T ANAK BAWA'T BUWAN.**

## WALA NA ANG MGA BAYAD SA SEGURO NG MSP

*Isang malaking pagbawas ng buwis para sa mga British Columbian na gitnang-kita*



*Ang 2020 ay minamarkahan ang unang taon na ang mga British Columbian ay hindi na kailangang magbayad ng mga bayad sa seguro ng MSP, na nagtitipid ng hanggang \$900 para sa mga indibidwal sa isang taon at mga pamilya ng hanggang \$1,800 baw't taon.*

## HOMES FOR BC (MGA BAHAY PARA SA BC)


### Pagtatayo ng mga bahay na maaaring abot-kaya mo

Kahit saan ka nakatira, ang kakayahang makakuha ng pabahay ay isa sa ating pinakamalaking hamon sa B.C.

Patuloy na sinusupportahan ng *Budget 2020* ang mga palatandaan sa pamumuhunan ng mga konstruksyon at sukatan sa kakayahang pabahay. Bilang bahagi ng ating 10-taong plano, *Homes for BC*, ang iyong pamahalaan ay namuhunan ng higit sa \$1 bilyon bawat isang taon upang magtayo ng mas maraming abot-kayang mga tahanan para sa mga mababang-kita at mga gitnang-kitang mga British Columbian.

Ang *Homes for BC* ay naghahatid ng mga resulta. Higit na nasa 23,000 mga tahanan para sa mga pamilya, nakatatanda, at indibidwal ay nakumpleto o isinasagawa sa 90 na mga komunidad. Kabilang sa *Budget 2020* ang pagpopondo para sa mga bagong tahanan pati na rin ang pagpopondo para sa isang pampublikong pagtatanong tungkol sa money laundering (pagtatago ng mga pinagmulan ng ilegal na pagkuha ng pera). Sa pagdiskubre sa money laundering, paghinto ng pandaraya, pag-target ng mga mananapalaran, pagsasara ng mga lusutan, at paggawa ng pag-upa ng mas ligtas, ang pamahalaan ay nagtatrabaho upang gawing mas abot-kaya ang pabahay para sa mga British Columbian.

**HIGIT SA 100,000 MGA BAHAY AY ITATAYO NG ATING 10 TAONG PLANO, NA NAGLILIKHA NG 50,000 MGA TRABAHO SA BUONG PROBINSYA.**



## AKSYON SA WALANG-BAHAY

### Sapagka't ang lahat ay nararapat na may isang ligtas na lugar na tinagtawagang bahay

Sa pamamagitan ng *Homes for BC* at *TogetherBC*, ang pinaka-unang estratehiya sa pagbawas ng kahirapan ng lalawigan, binubuksan natin ang suportadong pabahay sa mga taong higit na nangangailangan na magsimulang itigil ang mga siklo ng kahirapan.

Ito ay isang mababang-gastos na pabahay na may mga malawak na serbisyo para sa mga residente na nakakakuha ng mga suportang serbisyo na kailangan nila upang kumilos ng pasulong.



*Mahigit sa 2,000 katao na walang tirahan ay ngayon may ligtas, siguradong mga bahay na makakakuha ng 24/7 na suporta.*

Mga bagong pamumuhunan sa *Budget 2020* ay magbubukas ng karagdagan mga 200 suportadong mga tahanan para sa mga tao at komunidad na nangangailangan. Sa panibagong pamumuhunan na ito, ang pangako ng pamahalaan na suportahan ang pabahay ay nakatayo ngayon sa 4,900 na mga yunit na suportadong pabahay. Bilang karagdagan, dalawang bagong 60-na-kamang mga sentro ng nabigasyon - mga kubilang may pinahusay na serbisyo - ay magbubukas para sa mga taong may mga kumplikadong hamon.



*Bukas nang 24-oras, ang mga sentro ng nabigasyon ay magiging mabait sa hayop, nagpapahintulot sa mga mag-asawa na manatiling magkasama, at magbibigay ng mga inklusibong klinikal at pangkulturang serbisyo.*





## MGA BAGONG IKSEMSYON NG MGA KINIKITA

*Ang pagbabawas ng kahirapan ay higit pa sa tulong ng pananalapi.*



Noong nakaraang taon ipinakilala ng pamahalaan ang unang estratehiya sa pagbawas ng kahirapan sa ating lalawigan, ang TogetherBC.

Ang *Budget 2020* ay gumawa ng isa pang hakbang patungo sa pag-aangat ng 140,000 katao mula sa kahirapan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga iksemsyon ng kinikita para sa mga tao at mga pamilya na tumatanggap ng tulong sa kita o kapansanan. Ito ay nangangahulugan na maaaring madagdagan ng mga tao ang kanilang kita, manatiling konektado sa hanapbuhay at magpatuloy sa pagkakaroon ng karanasan na maaaring humantong sa isang mahusay na suweldo na trabaho.

## TRANSFORMING ICBC [PAGBABAGONG ICBC]

*Pagtitipid ng iyong pera sa pagseseguro ng sasakyan*

Sa loob ng maraming mga taon, ang mga bayad ng seguro ng sasakyan ng B.C. ay tumaas. Ginagawa namin muli na ang pampublikong seguro ng sasakyan ay gumana para sa mga British Columbian sa pamamagitan ng pag-alis ng mga abogado at lugal na mga gastos upang madagdagan ang saklaw para sa pangangalagang medikal at bawasan ang iyong mga bayad.

Ang mga benepisyo sa pangangalaga at paggagamot para sa mga taong napinsala sa isang banggaan ay tataas at ang mga bagong benepisyo ay mag-aalok ng pag-aalaga sa mga pinakamalubhang napinsala hangga't kailangan nila ito.

- » Walang pagtaas sa saligang bayad sa 2020
- » Ang karaniwang matitipid ay 20% o \$400 baw't super simula sa Mayo 2021

# MGA SERBISYONG MAAARI MONG MAASAHAN

## PAGPAPABUTI SA PAGKUHA NG PANGANGALANG PANGKALUSUGAN

*Lalong maraming mga ospital, mga MRI, mga operasyon*

Habang lumalaki ang populasyon ng B.C., kailangan nating tiyakin na handa tayong tumugon sa pangangailangan ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan. Ang bagong pagpopondo ay makakatulong na mabawasan ang mga listahan ng paghihintay at pagbutihin ang kalidad at pagpapanatili ng mga serbisyong pangkalusugan na kailangan natin. Kasama rito ang pagpopondo upang matiyak na makukuha ng mga tao ang operasyon na kailangan nila sa mas maiikling oras ng paghihintay.



*Kami ay nagdaragdag ng pagkuha sa mga pagkontra at dyagnostikong mga MRI at pagpapabuti ng pag-aalaga para sa mga nakatatanda na may mga bagong pamumuhunan sa pangunahing pangangalaga, kalusugan sa bahay, pang-matagalang pangangalaga, mga serbisyo sa pagtulong sa pamumuhay at kaunting ginhawa.*

Ang *Budget 2020* ay naghahatid ng mas mahusay na pangangalaga para sa iyo at sa iyong pamilya sa pamamagitan ng pagbuo ng mga hakbang na ginawa namin upang mabago ang sistemang pangangalaga sa kalusugan ng B.C.



*Mga bago o pinabuting mga ospital ay binabalak para sa Williams Lake, Quesnel, Trail, Nanaimo, Cowichan Valley, Fort St. James, Terrace, Surrey, Dawson Creek, Richmond, Burnaby, Vancouver at North Vancouver*



*Ang mga bagong kagyat at mga pangunahing sentro ng pangangalaga ay binuksan sa Surrey, Kamloops, Quesnel, Vancouver, Nanaimo, Langford, Kelowna, Prince George, Burnaby, North Vancouver, Vernon at Pitt Meadows-Maple Ridge na may dalawang higit pa na pinaplano para sa Victoria at East Vancouver.*



## PAMUMUHUNAN SA EDUKASYON

*Marami pang mga guro at bago, mas ligtas na mga paaralan*



*Gumagawa kami ng mga kasasayang pamumuhunan upang mapabuti ang karanasan sa pagkatuto at mga kinalabasan para sa mga mag-aaral ng K-12.*

Susuportahan ng *Budget 2020* ang dumaraming bilang ng mga mag-aaral sa ating mga paaralan — mas maraming mga guro, mga guro ng espesyal na edukasyon, mga sikologo at mga tagapayo upang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay may pinakamahusay na pagkakataon sa tagumpay. Binabawasan namin ang laki ng klase at dinadagdagan ang mga mapagkukunan sa silid-aralan.

Kami ay nagtatayo, nagpapalawak at napakatinding pinabubuti ang mga paaralan sa buong lalawigan.

Upang mapanatiling ligtas ang mga bata at ang mga tao na sumusuporta sa kanila, halos tatlong beses naming pinabilis ang mga pag-apruba ng napakatinding proyekto na may mga 39 na proyekto na inihayag sa loob lamang ng dalawang taon.

**HIGIT SA 10,000 MGA LUGAR AY GINAGAWA UPANG MAPABUTI ANG KAPALIGIRAN SA PAGTUTUTO PARA SA MGA MAG-AARAL SA LUMALAKING MGA KOMUNIDAD.**

## MAS MABUTING PAGKUHA NG MGA SERBISYO SA HUSTISYA AT MGA SUPORTA

*Pag-alis ng mga hadlang, pagpapalawak ng mga serbisyo*

**ANG MGA KABABAIHAN, MGA KATUTUBONG TAO, MGA NAMUMUHAY SA KAHIRAPAN AT MGA IBA PANG HINDI BINIBIGYANG HALAGANG TAO AY KADALASAN MAY MAS LALONG MALAKING MGA HADLANG SA PAGKUHA NG MGA LIGAL NA SERBISYO. KAYA KAMI AY NAGPOPONDO NG MGA LEGAL AID NA KLINIKA SA BUONG B.C. UPANG KATAWANIN ANG MGA TAO SA MGA LIGAL NA PROSESO NA WALANG BAYAD.**



*Kami ay nagpopondo ng bago, pinalawak na mga serbisyo sa korte sa Surrey, Fort St. John at Abbotsford.*

At dahil ang mga katutubong tao ay labis na kinakatawan sa sistema ng hustisya, pinopondohan namin ang mga bago, ligtas na kulturang Katutubong sentrong katarungan at mga programa.

Ang *Budget 2020* ay nagbibigay ng karagdagang \$71 milyon upang mapahuasay ang mga serbisyo sa kaligtasan ng publiko at suporta para sa mga taong apektado sa krimen. Kasama dito ay \$13 milyon para sa Programa sa Patulong sa Mga Biktima ng Krimen upang matulungan ang mga biktima at ang kanilang mga pamilya upang makayanan ang mga epekto ng marahas na krimen.

## PAGPAPABUTI NG MGA BUHAY NG MGA BATA AT KABATAAN

*Pagprotekta at Pagsuporta sa Mga Bata na nasa Pag-aalaga*

**HIGIT SA 6,000 MGA BATA AT KABATAAN AY NAKATIRA SA PANGANGALAGA NG PAMAHALAAN AT, HABANG NABABAWASAN ANG BILANG, ANG MGA KATUTUBONG BATA AT KABATAAN AY LABIS PA RIN NA KINATAWAN SA PAG-AALAGA.**

Kabilang sa *Budget 2020* ang \$15 milyon sa loob ng tatlong taon upang matiyak na ang mga Katutubong kabataan sa pangangalaga ay nakakakuha ng suporta na kailangan nila upang mapanatili ang mga koneksyon sa kanilang komunidad.



*Ang pagpopondo ay nakakatulong sa mga Katutubong bata na pumunta sa mga kulturang pagdiriwa at manitiling konektado sa mga miyembro ng komunidad.*

# PAMUMUHUNAN SA ISANG PAGPAPANATILING EKONOMIYA

## BAGONG BC ACCESS GRANT

*Hanggang sa \$4,000 para sa mga mag-aaral pagkatapos ng haiskul*


Upang matanggal ang mga hadlang sa pagsasanay at edukasyon na kinakailangan para sa mga hinahabol na trabaho, ang *Budget 2020* ay nagsasagawa ng sumusunod na hakbang upang gawing abot-kaya ang pamumuhay para sa mga mag-aaral ng B.C. Ang paggawa sa pagtanggap ng interes sa mga pautang ng mag-aaral sa B.C., na magsisimula sa taglagas na ito, higit sa 40,000 mga mag-aaral sa mga kolehiyo at unibersidad ay makakatanggap ng agarang suporta sa nangungunang mga gastos sa kanilang edukasyon sa pamamagitan ng bagong BC Access Grant.

Ang batay-sa-pangangailangang kaloob ay umaakma sa Canada Access Grant, na tinitiyak na ang mga mag-aaral ng B.C. na may mababang-kita at gitnang-kita ay makakatanggap ng hanggang \$4,000 sa isang taon upang makatulong sa gastos ng mga programa na humahantong sa isang digri, diploma o sertipiko.



Para sa isang **haba ng programa na mas mababa sa 2 taon**, ang mga mag-aaral ng B.C. ay maaaring makatanggap ng isang kabuuang **hanggang sa \$4,000 sa isang taon**.

### HABA NG PROGRAMA: MAS MABABA SA 2 TAON



Para sa **haba ng programa na 2 taon at higit pa**, ang mga mag-aaral ng B.C. ay maaaring makatanggap ng kabuuan na **hanggang \$4,000 baw't taon**.

### HABA NG PROGRAMA: 2 TAON AT HIGIT PA



## PAGKAKASUNDO SA MGA KATUTUBONG TAO

*Isang pundasyon para sa pagkilos ng pasulong ang BC*



Ang pagtatayo ng tunay at pangmatagalang pagkakasundo sa mga katutubong tao ay ang pundasyon sa pagkilos ng pasulong ng B.C.

Ang British Columbia ay ang unang lalawigan sa Canada na nagpasa ng batas upang maipatupad ang Deklarasyon ng UN sa mga Karapatan ng Katutubong Tao. Kinikilala nito ang mga Katutubong tao bilang buong kasosyo sa ekonomiya ng B.C., na nag-aalok ng isang landas na pasulong para sa lahat na naninirahan at nagtatrabaho sa British Columbia. Ang mga sumusunod na hakbang ay makipagtulungang magtrabaho nang sama-sama sa isang plano ng pagkilos upang maipatupad ang mga layunin ng Deklarasyon ng UN at simulan ang gawain ng pagpapantay ng mga batas sa Deklarasyon ng UN sa paglipas ng panahon.

Sinimulan ng pamahalaan ang pagbabahagi ng mga kita sa paglalaro, na ang baw't First Nations ay makakatanggap ng nasa pagitan ng \$250,000 at \$2 milyon baw't taon. Ang baw't First Nations ay magkakaroon ng pagkamaasahan ng isang pangmatagalan, matatag na mapagkukunan na pondo upang mamuhunan sa sariliing-pamamahala at mga serbisyo at imprastraktura na kailangan ng kanilang mga komunidad, kabilang ang pangangalaga ng bata, mga paaralan at pabahay.

## SA PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA KATUTUBONG TAO, ANG B.C. AY ANG UNANG LALAWIGAN NA PINONDAHAN ANG PABAHAY SA RESERVE.

Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga grupong First Nations at Métis, pinapabuti namin ang sistema sa kapakanan ng bata - na nakatuon sa pagpipigil upang tulungan na suportahan ang mga pamilya na manatiling magkasama at mapanatili ang higit pang mga bata sa labas ng pag-aalaga. Nagsusumikap din kami sa mga kasunduan sa First Nations upang mailipat ang hurisdiksyon ng kapakanan ng bata sa mga Katutubong komunidad.



## PAGLIKHA NG IMPRASTRAKTURA AT TRABAHO

### Paglikha ng mga trabaho habang lumalaki ang ating lalawigan

Nakikita ng *Budget 2020* ang pinakamalaking pamumuhunan sa kasaysayan ng B.C. sa imprastraktura na kailangan natin upang patuloy na kumilos nang pasulong — mga paaralan, mga ospital, mga haywey, at pabahay.

Inaasahan ang pagtaas ng ating populasyon ng higit sa isang milyong mga tao sa susunod na 15 mga taon — at magiging handa tayo.

#### ANG TRABAHO SA MGA IMPRASTRAKTURANG PROYECTO AY LUMILIKHA NG HIGIT SA 100,000 NA DIREKTA AT HINDI DIREKTANG MGA TRABAHO SA BUONG LALAWIGAN.

Libu-libong mga mabubuting trabaho ay nililikha bilang resulta sa imprastrakturang plano ng pamahalaan ng B.C. Ang mga puhunang ito ay makakatulong din na matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa mga serbisyo at imprastraktura.



**Kalusugan:** \$6.4B upang makatayo at mapalawak ang mga ospital at mga pasilidad sa kalusugan, at para sa medikal na kagamitan.



**Transportasyon:** \$7.4B para sa mga pangunahing proyekto kabilang ang mga pagpapalit ng tulay, mga pagpapalawak ng haywey, at mga pagpapabuti ng pasilyo.

K-12

**Edukasyon:** \$2.7B upang palitan, baguhin at palawakin ang mga paaralan ng K-12 - marami ang isasama ang mga lugar sa pangangalaga ng bata at mga sentro ng pagtututo ng kapitbahayan.



**Edukasyon:** \$3.1B upang mapalawak ang ating mga institusyon, makatulong na matugunan ang mga pangangailangan ng mga manggagawa, at magtayo ng pabahay ng mag-aaral.



**Pabahay:** Higit sa \$1B para sa mas abot-kayang pabahay para sa mga nakatatanda, mga Katutubong tao, mga indibidwal, at mga pamilya.

## PAGSUSUPORTA SA SEKTOR NG KAGUBATAN NG B.C.

### Pagtulong sa mga manggagawa at pagbubuo ng mga bagong pagkakataon

Ang isang umuunlad na sektor ng kagubatan ay nagbigay ng mabuti, matatag na trabaho para sa maraming mga pamilya na bumabalik sa mga henerasyon. Sa nakalipas na ilang mga taon, ang pamuguran ng mountain pine na salaginto, mga napalaking sunog at ang pagtatalo ng softwood na kahoy ay nagbawas sa panustos ng kahoy, nagpasimula ng mga pagsasara ng gilingan o kawalang katiyakan para sa mga kumpanya at manggagawa ng kagubatan. Upang lumikha at suportahan ang mga magagandang trabaho sa sektor, isinusulong namin ang mga inhinyerong produktong kahoy ng B.C. sa bansa at sa ibang bansa, ginagamit ang kahoy kung saan posible para sa pampublikong imprastraktura at pagtanggol sa pagtatayo ng mga nakapaloob na masa ng kahoy na mga gusali. Ang *Budget 2020* ay gumawa ng isa pang hakbang na pasulong na may bagong pondo upang makabuo ng mga oportunidad para sa bio-ekonomiya at pagbabalik ng B.C. sa loob ng sektor ng kagubatan. Ang mga manggagawa ay makakapag-akses rin sa paglalagay ng trabaho at pagsasanay ng mga kakayahan, mga pautang ng kagamitan para sa mga kontratista sa pagtotoroso sa baybayin, mga kaloob upang matulungan ang pinakamahirap na mga komunidad, at mga programa upang suportahan ang maagang pagreretiro.

#### MGA NAPAKALALKING SUNOG AT MGA BAHANG

##### Ang pagtugon at pagbawi mula sa mga natural na sakuna

Ang mga nakaraang taon ay nakakita ng mga natural na sakuna na sumira sa mga tahanan, mga komunidad, negosyo at industriya. Ang badyet sa taon na ito ay nagtataas ng pondo upang matulungan ang Lalawigan at mga komunidad na maghanda para, tumugon at makabawi mula sa mga napakalaking sunog, mga baha at iba pang mga emerhensiya.

#### AKSYON SA KLIMA AT ANG CLEANBC

##### Ang paggamit ng kapangyarihan ng isang mas malinis na kinabukasan

Ang mga bagong pamumuhunan sa *CleanBC*, ang plano ng ating pamahalaan na mabawasan ang polusyon at bumuo ng isang mas malinis na kinabukasan, ay tumutulong sa mga British Columbian na baguhin kung paano tayo ay naglilibot, at kung saan tayo nakatira at nagtatrabaho - na ginagawang mas episyente sa enerhiya ang ating mga paaralan, unibersidad at ospital. Kami ay nagbibigay ng mas maraming suporta upang matulungan ang mga industriya na kumilos patungo sa malinis at mababang mga solusyon sa carbon. Ang *Budget 2019* ay nagbigay ng mataas na antas sa pagpopondo upang maipatupad ang plano. Ang *Budget 2020* ay nagbibigay ng karagdagang pamumuhunan ng higit sa \$400 milyon upang suportahan ang *CleanBC*.



Ang badyet sa taon na ito ay nagpapatuloy sa *Climate Action Tax Credit* [Kredito sa Buwis sa Aksyon sa Klima] para sa mga pamilya at nagdaragdag ng \$20 milyon sa programa ng Lalawigan upang gawing mas abot-kaya ang pamimili at de-koryenteng sasakyan.

# GINAGAWANG MAS MABUTI ANG PAMUMUHAY

## Ang Budget 2020 ay naghahatid

Ang isang sentral na pangako ng pamahalaan ay gawing mas abot-kaya ang pamumuhay para sa mga masipag na British Columbian.

Ang isang apat na pamilya na kumikita ng \$70,000 at naninirahan sa Metro Vancouver ay **maaring makatipid ng halos \$30,000**, salamat sa:


- » BC Access Grant — hanggang sa \$3,495 para sa mga mag-aaral na nakatapos ng haiskul na nasa mga programang mas mababa sa dalawang taon
- » Benepisyo ng Oportunidad para sa Bata ng BC — hanggang sa \$1,380 baw't taon
- » Pagtanggap ng MSP — hanggang sa \$1,800 baw't taon
- » Ang pag-alis ng interes sa pautang ng mag-aaral — isang pangkaraniwang mag-aaral na nagtapos na may halos \$28,000 sa pinagsamang B.C. at pederal na pautang ay nakakatipid ng \$2,300 sa mga singil sa interes sa loob ng isang 10-taong panahon ng pagbabayad.
- » Benepisyo sa Abot-kayang Pag-aalaga ng Bata — hanggang sa \$14,895 baw't taon
- » Inisyatibo sa Pagbabawas ng Bayad sa Pag-aalaga ng Bata — hanggang \$5,400 baw't taon
- » Pag-alis ng Mga Toll sa Port Mann at Golden Ears — hanggang sa \$1,500 baw't taon
- » Mga pagtitipid sa sasakyang de-koryente — hanggang sa \$6,000 kapag bumili ng isang de-koryenteng sasakyan at humigit-kumulang na \$1,500 baw't taon sa mga gastos sa gas
- » Ang pag-iimpok ng bomba ng init — hanggang sa \$2,000 upang mapalitan ang isang sistema ng pag-init ng fossil fuel



Ang dokumentong ito ay nakalimbag sa kamalayang kapaligiran ng Elemental Chlorine libreng papel, na naglalaman ng mga ginamit muling hibla at 100% na magagamit muli. Kasama sa paggawa ng dokumentong ito ang pinakamahusay na mga kasanayan para sa pagtitipid. Mangyaring Magbawas, Gamitin Mulí at Muling Magresiklo.




Sa 2021, ang isang nag-iisang magulang na may dalawang anak, na kumikita ng \$40,000 ay **makakatipid ng higit sa \$2,100 sa mga buwis.**



■ = Neto ng Mga Buwis ng Lalawigan kabilang ang Benepisyo ng Oportunidad para sa Bata ng B.C.  
 ■ = Mga Bayad sa MSP



Sa 2021, ang isang pamilya na apat na kumikita ng \$60,000 ay **makakatipid ng higit sa \$2,500 sa buwis.**



■ = Neto ng Mga Buwis ng Lalawigan kabilang ang Benepisyo ng Oportunidad para sa Bata ng B.C.  
 ■ = Mga Bayad sa MSP